

DRAFT NG ORDINANSA:

ISANG ORDINANSA NA BABAGUHIN ANG COUNTY CODE OF  
ADMINISTRATIVE ORDINANCES NA MAY KINALAMAN SA  
PAGTATRABAHO SA MGA PROYEKTO NG KONSTRUKSYON AT  
PAG-AARI NG COUNTY

Ang Board ng mga Supervisor ng County ng San Diego ay nag-ordina sa mga sumusunod:

Seksyon 1. Layunin. Ang hindi sapat na suweldo at hindi magandang mga kondisyon sa trabaho ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga nagtatrabaho na pamilya na makakuha ng maayos na pabahay at maglaan para sa kanilang mga pamilya, at nagsisilbing banta sa kalusugan ng publiko. Ang kahirapan, kawalan ng trabaho, at hindi pagkakapantay-pantay ay banta sa kaunlaran ng ekonomiya, katatagan, at pagiging mapagkumpitensiya ng County ng San Diego. Ang County ng San Diego ay naghahangad na tugunan ang mga isyung ito sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga nagtatrabaho sa mga proyekto ng County o sa mga pag-aari ng County, na sila ay mabayaran at mabigyan ng kondisyon sa trabaho na nagpapahintulot sa kanila na sapat na masuportahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya, at sa pagsasagawa ng mga hakbang upang alisin ang mga hadlang sa may kalidad na mga oportunidad sa trabaho para sa mga residente.

Seksyon 2. Sa pamamagitan nito, ang Seksyon 73.10 ay idinadagdag sa County Code of Administrative Ordinances na mababasa sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

SEKSYON 73.10. MGA PAMANTAYAN SA TRABAHO PARA SA MGA PROYEKTO SA  
KONSTRUKSYON NG COUNTY

Lahat ng konstruksyon na nakumpleto sa isang kontrata na iginawad ng County, anuman ang pagmamay-ari, kabilang ang mga kontrata na pinamumunuan ng County alinsunod sa Public Contract Code, ay mapapasailalim sa mga sumusunod na mga kinakailangan, na siyang isasama sa lahat ng mga kontrata kung nararapat upang ipatupad and mga kinakailangan na ito:

- (a) Ang isang bihasa at sinanay na mga trabahador ay gagamitin sa pagkumpleto ng proyekto alinsunod sa itinakda ng Public Contract Code section 2600, at ang mga sumusunod na siyang kinakailangan ng Seksyon 2600 sa petsa kung saan ang Seksyon 73.10 ay magiging epektibo;
- (b) Lahat ng mga empleyado ng kontraktor at sub-kontraktor na nagtatrabaho sa isang kontrata na ginawad ng County, maging ang mga tao mang iyon ay naiuri bilang mga empleyado o malayang kontraktor (“mga manggagawa”), ay babayaran ng kung alin ang mas mataas sa (i) nananaig na pasahod na itinakda ng California Department of Industrial Relations, alinman sa kahit na ang pagbabayad ng gayong pasahod ay kinakailangan sa ilalim ng Labor Code; (ii) pinakamababang pasahod (minimum wage), pamumuhay na sahod (living wage), o katulad na mga sahod na maaaring itakda ng County sa pamamagitan ng ordinansa; at (iii) lokal, Estado, o pederal na minimum o katulad na mga pasahod kung angkop sa gawain; at
- (c) Ang mga kontraktor ay dapat bigyan ang mga manggagawa ng bayad kapag nagkasakit para matustusan, sa pinakamababang paraan, ang hindi pagpasok sa trabaho na dala ng alin sa mga sumusunod na naa-apply sa empleyado o sa miyembro ng kani-kanilang

mga pamilya:

- (i) mental o pisikal na karamdaman, pinsala sa katawan, o kalagayan sa kalusugan
  - (ii) ang pangangailangan para sa medikal na pagsusuri, pangangalaga, o paggamot ng isang mental o pisikal na karamdaman, pinsala sa katawan, o kalagayan sa kalusugan.
  - (iii) ang pangangailangan ng pangangalagang medikal upang pigilan ang sakit
  - (iv) atensyong medikal na kailangan upang magpagaling mula sa pisikal o sikolohikal na pinsala o kapansanan dala ng domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay;
  - (v) ang pangangailangan na makakuha ng mga serbisyo mula sa isang organisasyon ng mga biktima o sikolohikal o iba pang pagpapayo dahil sa domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay;
  - (vi) ang pangangailangan ng paglipat ng tirahan o pagprotekta ng tahanan dahil sa domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay; at
  - (vii) ang pangangailangan upang makakuha ng mga legal na serbisyo, kabilang ang paghahanda para sa o paglahok sa anumang sibil o kriminal na paglilitis, kaugnay sa o resulta ng domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay.
- (d) Ang hindi pagpasok dahil sa pagkakasakit (sick leave) na kailangan ng Seksyon 73.10(d) ay maiipon sa loob ng isang oras na bayad ng hindi pagpasok dahil sa pagkakasakit (sick leave) para sa bawat tatlung oras ng pagtatrabaho, at maaaring may pinakamababang maipon hanggang 56 na oras kada taon.
- (e) Ang mga kontraktor at ang kanilang mga empleyado at sub-kontraktor ay hindi magpapataksik o sa anumang paraan ay magdidiskrimina o gagawa ng masamang aksyon laban sa sinumang manggagawa dahil sa pagsisiwalat, sa anumang pamamaraan, ng alalahanin tungkol sa mga tuntunin at kondisyon sa trabaho.
- (f) Ipapaskil ng mga kontraktor ang mga sumusunod sa isang madaling-mapansing at madaling puntahan na lugar sa bawat lokasyon kung saan nagtatrabaho ang mga manggagawa;
- (i) abiso ng mga kinakailangan na nakatakda sa mga subdibisyon (a) – (e) sa itaas:
  - (ii) abiso na ang mga paglabag sa gayong mga kinakailangan ay maaaring isumbong sa County Office of Labor Standards and Enforcement; at
  - (iii) ang numero ng telepono at adres ng County Office of Labor Standards and Enforcement.

Seksyon 3. Sa pamamagitan nito, ang Seksyon 73.11 ay idinadagdag sa County Code of Administrative Ordinances na mababasa sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

#### SEKSYON 73.11. MGA PAMANTAYAN SA TRABAHO PARA SA MGA MANGGAGAWA SA MGA PINAUUPAHANG PAG-AARI NG COUNTY

Mga nangungupahan, mga lisensyado, mga konsesyoner, at iba pa na gumagamit ng mga pag-aari ng County alinsunod sa isang kontrata sa County, at mga umuupa sa mga nangungupahan (sa anumang antas), ang mga lisensyado sa mga pag-aari (sa anumang antas), at iba pang nakikikontrata (sa anumang antas) sa mga indibidwal na ito sa pagpapatuloy ng paggamit ng

mga pag-aari ng County para sa pang-negosyong paggamit sa pamamagitan ng isang upa, lisensya o iba pang kasunduan sa County (sama-samang tinutukoy dito sa Seksyon 73.11 bilang “Partido ng mga Nangungupahan”) ay mapapailalim sa sumusunod na mga kinakailangan na angkop sa pag-aari ng County na ginagamit, na siyang isasama sa lahat ng mga kasunduan ng pag-upa, mga lisensya at iba pang mga kasunduan na kailangan upang ipatupad ang mga kinakailangan na ito:

- (a) Ang mga empleyado at mga kontraktor ng Partido ng mga Nangungupahan na nagtatrabaho sa o mula sa pag-aari ng County ay babayaran ng mas mataas sa anuman sa mga sumusunod: (i) ang kasalukuyang pasahod na itinakda ng California Department of Industrial Relations, kahit na kung ang pagbabayad ng naturang sahod ay kinakailangan sa ilalim ng Labor Code; (ii) pinakamababang pasahod (minimum wage), pamumuhay na sahod (living wage), o katulad na mga pasahod na maaaring itakda ng County sa pamamagitan ng ordinansa; at (iii) lokal, estado, o pederal na minimum o katulad na mga pasahod kung angkop sa gawain; at
- (b) Lahat ng mga pasilidad na matatagpuan sa at mga kondisyon ng pag-aari ng County ay tutugon sa mga hinihingi ng anumang ordinansa na pinagtibay ng County o mga patakaran ng Board na kumontrol sa mga kondisyon sa lugar ng trabaho.
- (c) Ang Partido ng mga Nangungupahan ay magbibigay sa kanilang mga empleyado na nagtatrabaho sa o mula sa mga pag-aari ng County ng bayad na hindi pagpasok dahil sa pagkakasakit (sick leave) upang matustusan, sa pinakamababang paraan, ang kawalan ng suweldo dala ng alin sa mga sumusunod na naa-apply sa empleyado o sa miyembro ng kani-kanilang mga pamilya:
  - (i) mental o pisikal na karamdaman, pinsala sa katawan, o kondisyon sa kalusugan;
  - (ii) ang pangangailangan para sa medikal na pagsusuri, pangangalaga, o paggamot ng isang mental o pisikal na karamdaman, pinsala sa katawan, o kalagayan ng kalusugan;
  - (iii) ang pangangailangan ng pangangalagang medikal upang pigilan ang sakit;
  - (iv) atensyong medikal na kinakailangan upang magpagaling mula sa pisikal o sikolohikal na pinsala o kapansanan dala ng domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay;
  - (v) ang pangangailangan na makakuha ng mga serbisyo sa isang organisasyon ng mga biktima o sikolohikal o iba pang pagpapayo dahil sa domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay;
  - (vi) ang pangangailangan ng paglipat ng tirahan o pagprotekta sa tahanan dahil sa domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay; at
  - (vii) ang pangangailangan upang makakuha ng mga legal na serbisyo, kabilang ang paghahanda para sa o paglahok sa anumang sibil o kriminal na paglilitis, kaugnay sa o resulta ng domestikong karahasan, sekswal na pagsalakay, o mapagbantang panunubaybay.
- (d) Ang hindi pagpasok dahil sa pagkakasakit (sick leave) na kailangan ng Seksyon 73.11(c) ay maiipon sa loob ng isang oras ng bayad na hindi pagpasok dahil sa pagkakasakit (sick leave) sa bawat tatlong oras ng pagtatrabaho, at maaaring maiipon hanggang 56 na oras kada taon.
- (e) Ang Partido ng mga Nangungupahan at ang kanilang mga empleyado at mga

sub-kontraktor na nagtatrabaho sa o mula sa mga pag-aari ng County ay hindi magpapatalisik o sa anumang paraan ay magdidiskrimina o gagawa ng masamang aksyon laban sa sinumang empleyado dahil sa pagsisiwalat, sa anumang pamamaraan ng isang alalahanin tungkol sa mga tuntunin at kondisyon sa trabaho.

- (f) Ipapaskil ng Partido ng mga Nangungupahan ang mga sumusunod sa isang madaling-mapansin at madaling puntahan na lugar sa bawat lokasyon kung saan nagtatrabaho ang mga empleyado at kontraktor ng Partido ng mga Nangungupahan:
- (i) abiso ng mga kinakailangan na nakatakda sa mga subdibisyon (a) – (e) sa itaas;
  - (ii) abiso na ang mga paglabag sa gayong mga kailangan ay maaaring isumbong sa County Office of Labor Standards and Enforcement; at
  - (iii) ang numero ng telepono at adres ng County Office of Labor Standards and Enforcement.

Seksyon 4. Sa pamamagitan nito, ang Seksyon 73.12 ay idinadagdag sa County Code of Administrative Ordinances na mababasa sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

#### SEKSYON 73.12. MGA LIMITASYON SA SAKLAW NG MGA SEKSYON 73.10 AT 73.11

- (a) Ang mga Seksyon 73.10 at 73.11, at mga bahagi sa ilalim na iyon, ay hindi maaangkop sa alinman sa sumusunod na mga pagkakataon:
1. sa lawak na ipinagbabawal ng batas o ng estado o pederal na mga kinakailangan sa pagpopondo na naaangkop sa trabaho;
  2. sa mga proyekto ng konstruksyon ng County na mababa sa limitasyon sa pakikipagtawaran ng Public Contract Code
  3. sa mga kontrata sa trabaho alinsunod sa Public Contract Code Seksyon 20128.5;
  4. mga kontrata ng konstruksyon na mas mababa sa \$500,000
  5. isang-gawaan na mga proyekto na mas mababa sa \$25,000
  6. mga proyekto sa pabahay kung saan nakatanggap ang County ng isang panukala o pumasok sa isang kasunduan para sa proyekto bago ang epektibong petsa ng Ordinansang ito.
  7. kung saan ang County ay isang Partido sa isang kasunduan sa paggawa ng proyekto na sumasaklaw sa gawain; o
  8. kung saan ang Board ng mga Supervisor ay pinatawad ang lahat o ilan sa bahagi ng mga kinakailangan hinggil sa isang partikular na proyekto o kasunduan.
- (b) Ang mga Seksyon 73.10 at 73.11 ay naglalayon na magkaroon ng prospektibong epekto lamang at hindi dapat bigyang-kahulugan na ito ay makakasama sa mga obligasyon ng anumang kasunduang pinasukan ng County bago sa epektibong petsa ng Ordinansang ito maliban kung ang kasunduan ay nangangailangan ng pagsunod sa mga ordinansa o patakaran na pinagtibay sa kalaunan. Sa kabila ng naunang pangungusap, ang mga hinihinging ito ay, batay sa lawak na pinahihintulutan ng batas, ay isasama sa umiiral na kasunduan bilang isang kondisyon ng anumang pagbabago na nagpapalawak ng termino ng kasunduan.
- (c) Kung ang isa pang sumunod na ordinansa ay kinabibilangan ng mas mahigpit o mas mataas na pamantayan para sa partikular o espesipiko na uri ng negosyo o mga aktibidad, mananaig ang mas mataas o mas mahigpit na pamantayan.

Seksyon 5. Sa pamamagitan nito, ang Seksyon 73.13 ay idinadagdag sa County Code of Administrative Ordinances na mababasa sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

**SEKSYON 73.13. MGA PAGLABAG**

Ang mga paglabag sa mga Seksyon 73.10 hanggang 73.12 sa itaas ay maaring isumbong sa Office of Labor Standards and Enforcement ng County.

Alinsunod sa Seksyon 81.6 ng Kodigo na ito, at habang hindi nililimitahan ang anumang mga remedyo sa kontrata na magagamit ng County, ang County ay maaaring ipatupad ang mga Administratibong Remedyo na matatagpuan sa Dibisyon 8 ng Title 1 ng County Code of Regulatory Ordinances upang tugunan ang anumang paglabag sa Seksyon 73.10 hanggang 73.12 sa itaas.

Seksyon 6. Sa pamamagitan nito, ang Seksyon 73.14 ay idinadagdag sa County Code of Administrative Ordinances na mababasa sa kabuuan nito ayon sa sumusunod:

**SEKSYON 73.14 SEBERABILIDAD**

Kung may anumang probisyon ng Seksyon 73.10 hanggang 73.13 o ang aplikasyon nito ay hahatulan na walang bisa, ang pagkawalang-bisa ay hindi makaaapekto sa iba pang mga probisyon o aplikasyon ng mga seksyon na maaaring bigyan ng epekto nang hindi kasama ang napawalang-bisang probisyon o aplikasyon, at sa kadahilanang ito, anumang probisyon na hinatulang walang bisa ay idedeklarang hindi epektibo.